


Arts

Unang Markahan – Modyul 5: Pagguhit ng Mukha Gamit ang Linya, Hugis at Tekstura



**Arts – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 5: Pagguhit ng Mukha Gamit ang Linya, Hugis at Tekstura
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Cristal Delos Reyes-Furigay
Editor:	Jose C. Tala, Nelson Oliva
Tagasuri:	Saturnino D. Dumlao
Tagaguhit:	Oliver V. Arevalo
Tagalapat:	Melanie S. Berrame
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Engelbert Agunday, Felegina Bugay, Jose C. Tala

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon-Region III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Arts

Unang Markahan – Modyul 5:
Pagguhit ng Mukha Gamit ang
Linya, Hugis at Tekstura

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay may mga gawain na susukat at lilingan sa iyong kaalaman tungkol sa pagguhit ng mukha ng tao, gamit at iba't ibang hugis, linya at tekstura.


Sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod na kasanayan:

- Natutukoy ang iba't ibang linya, hugis at tekstura sa pagguhit ng mukha ng tao.
- Nakagagamit ng iba't ibang linya, hugis at tekstura sa pagguhit ng mukha ng tao.
- Nakaguguhit ng isang larawan ng dalawa o higit pang tao na nagpapakita ng mga pagkakaiba sa parte at hugis ng kanilang mga mukha.
- Napapahalagahan ang taglay na katangian ng mukha ng bawat indibidwal.



Subukin

Suriin ang larawan at magbigay ng limang (5) hugis, linya o textura na iyong makikita sa baba. Isulat sa hiwalay na sagutang papel.



1. _____
2. _____
3. _____
4. _____

4. _____
5. _____



Mga Tala para sa Guro

Ang mga aktibidad sa modyul na ito ay nakaayos ayon sa pinakamadali papahirap upang matulungan ang mag-aaral na unti-unting matutunan ang mga kasanayang mag-aaral.

Bigyan ang mag-aaral ng kinakailangang suporta at gabay sa pagsagot ng mga aktibidad ng matagumpay.

Aralin

1

Pagguhit ng Mukha Gamit ang Linya, Hugis at Tekstura



Balikan

Naaalala mo pa ba ang mga linya at hugis na iyong ginamit sa pagguhit ng **Still Life**?

Sa nakaraang aralin, natutunan mo ang mga dapat na tandaan sa pagguhit ng Still Life tulad ng paggamit ng tunay na kulay, paggamit ng mga hugis at linya ng tunay na bagay at ayusin ang mga bagay: ang iba ay sa harap; ang iba ay sa likod.

Sa susunod nating aralin ay tungkol sa pagguhit ng mukha ng tao gamit ang iba't ibang hugis, linya at tekstura.



Tuklasin

Sa modyul na ito ay matutunan natin ang paggamit ng iba't ibang hugis, linya at tekstura sa paggugit ng mukha ng tao.

Basahin at unawain ang tula. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

May Katangian Ang Mukha Ng Bawat Tao

ni: Cristal A. Delos Reyes

Bawat tao ay may mukha,
Ito'y may iba't ibang hitsura.
May mukhang hugis bilog, hugis puso
At sa iba naman ay hugis bilohaba.
May malaki at bilugan ang mata,
Maliit at singkit na mata naman ang sa iba.
May kulot at may tuwid na buhok,
May pango at patangos na ilong.
Iba- iba man ang hitsura ng ating mukha,
Ito ay dapat nating ipagmalaki,
Bawat mukha ay mahalaga,
Sapagkat ito'y biyaya ng Poong Maykapal.

1. Ano ang pamagat ng tula? _____

2. Tungkol saan ang tula? _____

3. Ano anong hugis ng mukha ang na banggit sa tula?

4. Magbigay na iba pang katangian ng mukha na nabanggit sa tula?

5. Paano mo mapapahalagahan ang katangiang taglay ng iyong mukha?




Suriin


Ang mukha ng tao ay binubuo ng ibat ibang hugis, linya at textura.

Sa pagguhit ng mukha ng tao maaari tayong gumamit ng hugis tulad ng bilog, tatsulok, bilohaba at parisukat.


Pangunahing hugis ng mukha



bilog



tatsulok



bilohaba



parisukat

Maaaring gumuhit ng ibat ibang hugis at linya para makabuo ng mata, ilong, labi, tainga at buhok.



tuwid




pahalang




Paalun-alon




pasigsag



Para sa mata
maaaring gumamit
ng bilohaba at
bilog na huais




Para sa ilong
maaaring
gumamit ng
hugis tatsulok



Sa bibig
maaaring
gumamit ng
linyang paalon



Maaari ring gumamit ng iba pang elemento para mabigyan ng textura at pagkakakilanlan ang karakter.



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay

Magsanay sa pagguhit ng mukha sa pamamagitan ng pagbakat ng mukha ng batang lalaki at babae.



Pinatnubayang Pagtatasa

Gamit ang pangunahing hugis ng mukha at mga iba't ibang linya. Gumuhit ng apat (4) na mukha sa bawat kahon. Iguhit sa hiwalay na papel.

--	--	--	--



Isaisip

Punan ang patlang ng tamang sagot base sa iyong napag-aralan. Isulat sa hiwalay na sagutang papel.

Sa pagguhit ng mukha ng tao, gumagamit ng iba't ibang _____, _____, at _____ upang ito ay maging makatotohanan.



Isagawa

Gumuhit ng mukha ng miyembro ng iyong pamilya, kamag-anak o kaibigan gamit ang mga hugis, linya at textura na iyong napag-aralan. Iguhit sa hiwalay na papel.

Sino- sino ang iyong iginuhit?

Bakit mo sila iginuhit?



Tayahin

Magbigay ng lima (5) hugis o linya na maaaring gamitin sa pagguhit ng mukha. Isulat sa hiwalay na sagutang papel.


1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Karagdagang Gawain

Gumuhit ng sariling karakter na ginagamit ang iba't ibang hugis, linya at tekstura. Iguhit sa hiwalay na papel.

Iguhit ang **frontliner** na iyong hinahangan sa hiwalay na papel.



Sumulat ng maikling kuwento kung ano ang kaniyang tungkulin sa komunidad at kung bakit mo sya hinahangaan.



Susi sa Pagwawasto

Karagdagang Gawain

Iskala ng Pagmamarka

4 (napakahasay) 3 (mahusay) 2 (katamtaman) 1 (di-gaanong mahusay)

Pamantayan	Pagmamarka ng Guro
1. Paglalarawan ng konsepto	
2. Kalinisan	
3. Paglalamalikhain	
4. Pagsunod sa panuto	
5. Malinis at mayos ang kabuang presentasyon	

Tayahin

- bilog
- tatsulok
- bilohaba
- parisukat
- puso

Isaisip

- hugis
- inya
- textura

Tukasin

- May katangian ang mukha ng bawat tao
- katangian ng mukha
- Bilog, puso at bilohaba
- Kulot at tuwid na buhok
- May malaki at bilugan ang mata, maliit at singgit na mata
- Answer may vary

Subukin

- bilog
- tatsulok
- bilohaba
- paalun alon
- tuwid

Sanggunian

LRMDS “Learning Resource Portal” *DepEd Learning Portal*. Last modified May 2016. <http://lrmds.deped.gov.ph/>

Ramilo, Rolando V., Pabilonia, Fe P., Igot, Kristel Iris E. and Catacutan, Marco A. *Music, Arts, Physical Education and Health*. 1st ed. Philippines: Rex Book Store, INC, 2013, 168-171.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph